

## Teacher's Guide Intermediate 2

### Aralin 1: Alamin ang Salita ng Diyos

Totoo: Nagbabago ang buhay ng isang taong nakakaalala at sumusunod sa salita ng Diyos.  
(Reference:Awit 119:93)

Mabuti: Alalahanin at sundin ang salita ng Diyos.

Tama: Tandaan ang mga utos ng Diyos. Palaging magsasabi ng totoo.

A. Panalangin — Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin.)

B. Motivation. Magpaawit ng kantang may kinalaman sa Bibliya. Halimbawa: Read your Bible.

#### C. Bible Story: **Si Adan at si Eba (Gen. 2:7-3:19)**

Inilagay ng Diyos ang lalaki sa Hardin ng Eden upang pangalagaan at pagyamanin ito. Sinabi ng Diyos, *Malaya mong makakain ang bunga ng kahit na anong puno sa hardin maliban lang ang bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama sapagkat sa oras na kainin mo ito, tiyak na ikaw ay mamamatay.* Dahil sa hindi mabuti na nag-iisa ang lalaki, lumikha ang Diyos ng babae na nagmula sa tadyang ng lalaki. Ang ahas ay ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos. Isang araw sa Hardin ng Eden.

*Ahas:* Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kang kakain ng anumang bungangkahoy sa hardin?

*Eba:* Maaari kaming kumain ng kahit anong bunga sa Hardin. 'Wag lang ang bunga ng puno na nasa gitna ng hardin, ni hipuin man kundi kami ay mamamatay.

*Ahas:* Hindi kayo mamamatay.

Kaya kinain nga ng babae ang bunga at binigyan nya ang kanyang asawa.

Pagkatapos kumain ni Adan, nakita nilang sila'y hubad kaya sila ay nagtago sa Diyos. Sila ay nagtahi ng mga dahon upang matakpan ang kanilang kahihyan.

Pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden. Makalipas ang maraming taon, sila ay namatay din.

#### D. Familiar Story

##### **Lagot Kay Nanay**

Masayang naghahabulan ang magkapatid na Charmy at Michael sa loob ng kanilang bahay nang biglang...

*Charmiy:* Ay! Kuya, lagot tayo kay nanay. Nabasag ang flower vase.

*Michael:* Sabihin na lang natin biglang tumalon si muning sa ibabaw ng mesa.

*Charmy:* Magsisinungaling tayo? Masama yun, lalo tayong mapapagalitan ni nanay.

*Michael:* Tama ka. Sabihin na natin ang totoo tatal kasalanan naman natin eh.

Pagdating ni Carmen kinagabihan....

*Michael:* Nay, pagod po ba kayo?

*Nay Carmen:* Oo anak, masyadong matrapik.

*Charmy:* Kukunin ko po ang tsinelas nyo.

*Nay Carmen:* *Salamat mga anak.* Ang babait niyo, ah. Meron ba kayong kailangan sa'kin?

*Charmy:* Hindi po namin sinasadya 'nay, nabasag namin ang vase mo.

*Michael:* Sorry po talaga, 'nay.

*Carmen:* O, tama na. Nabasag na yan at wala na tayong magagawa. Pero natutuwa ako dahil nagsabi kayo ng totoo.

*Michael / Charmy:* Salamat po 'nay.

#### E. Activity Time

- Sagutin ang Activity sa workbook.
- Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata. Checkan ang kanilang mga sagot (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang salita ng Diyos ay totoo. Upang malaman ang katotohanang ito kailangan na saliksikin, pagtiwalaan, tandaan at isapamuhay ang mga utos ng Diyos upang hindi mapahamak.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang pagsasabi ng totoo ay mabuti na kung saan nakakapagbigay kasiyahan sa Diyos.
- Panghawakan ang mga aral at utos na matatagpuan sa salita ng Diyos sapagkat sa pamamagitan nito ay tama ang iyong magiging pag-iisip at pagkilos.

#### H. Preventive Health Care

⇒ First Aid para sa Heat Exhaustion

- *Sintomas:* a) maputla; b) matinding pagpapawis; c) mabilis ang pulso; d) nanghihina; e) pananakit ng ulo; f) pananakit ng tiyan at kalamnan.
- *Mga Dapat Gawin:*
  1. Tumawag agad ng doctor o ambulansiya.
  2. Dalhin ang biktima sa malilim o malamig na lugar.
  3. Huwag hayaang masyadong malamigan ang biktima.  
Kailangang maiwasan ang panginginig ng biktima.
  4. Kung may malay ang biktima o hindi nahihirapang huminga o hindi nagsusuka, maaari siyang bigyan ng tubig ng paunti-unti. Mainam na gumamit ng inumin na may asin o hydrite.

#### I. Homework

- Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang workbook.
- Sabihin sa mga bata na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.

- Ipasaulo sa kanila ang Awit 119:93 – “Kailanman, hindi ko malilimot ang ‘yong mga utos, sapagkat dahil sa mga iyo’y binago mo ang aking buhay.”
- Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

### **Aralin 2: Pag-isipan ang Salita ng Diyos**

Totoo: Laman ng isip ng isang taong nagtitiwala at Nagma-mahal sa Diyos ang Kanyang mga salita.  
(Reference: Awit 119:97)

Mabuti: Isaisip ang mga salita ng Diyos.

Tama: Huwag angkinin ang hindi mo pag-aari.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible Story: **Cain at Abel (Genesis 4:1-16)**

Nagkaroon ng dalawang anak na lalaki sina Adan at Eba. Ang panganay ay si Cain at ang sumunod ay si Abel. Si Cain ay magsasaka at si Abel ay pastol.

Isang araw, naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Abel ay pumili ng pinakamagandang alaga niyang tupa. Si Cain naman ay kumuha ng ilang bunga mula sa bukid na kanyang sinasaka.

Ang Diyos ay nalugod sa handog ni Abel sapagkat si Abel ay may pagtitiwala sa salita ng Diyos. Ngunit ang handog ni Cain ay hindi nagging katanggap-tanggap sa Diyos.

Dahil dito, nagalit si Cain at nabakas ito sa kanyang mukha. Kaya naman sinabi ng Diyos kay Cain: *Bakit ka nagagalit? Bakit ganyan ang iyong mukha? Kung tama ang iyong ginawa hindi ka ba kalulugdan? Kung ang ginawa mo ay mali, lagi kang papasukin ng kasalanan. Paghaharian ka nito pero kailangang mapagtagumpayan mo ito.*

Isang araw, niyaya ni Cain si Abel na maglakad sa bukid. Nang sila ay nasa bukid, pinatay ni Cain ang kanyang kapatid. Kaya tinanong siya ng Diyos ng ganito, *Nasaan ang kapatid mong si Abel?* Sumagot si Cain, “Ewan ko! Ako ba ang tagapangalaga ng aking kapatid?” Dahil dito sinumpa ng Diyos si Cain. Siya ay pinalayas sa lupa kung saan niya pinatay si Abel. Kahit na magbungkal siya ng lupa doon ay wala siyang maaani.

Napakabigat ng parusang tinamo ni Cain dahil sa kanyang ginawang pagpatay kay Abel. Siya ay nilagyan ng Diyos ng tanda upang hindi siya patayin ng sinumang makakita sa kanya. Si Cain ay umalis sa harapan ng Diyos at nanirahan sa lupain ng Nod.

D. Familiar Story

#### **Field Trip**

Napansin ni Trisha na ilang araw nang malungkot si Kimberly. Isang araw sa canteen...

*Trisha:* Mukhang malungkot ka. May problema ka ba?

*Kimberly:* Malapit na ang field trip natin. Wala pa ‘kong pera.

Palabas na sila ng canteen nang makapulot si Kimberly ng...

*Kimberly:* Wallet! Kanino kaya ito?

*Trisha:* Sagot sa problema mo!

*Kimberly:* Si Sir George ang may-ari ng wallet. Ibalik natin.

*Trisha:* Sayang naman.

*Kimberly:* Hindi sayang yun. Ayokong angkinin ang bagay na hindi akin.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin sa mga bata na mahalagang palaging isinasa-isip at sinasariwa ang mga salita ng Diyos na kanilang natututuhan sapagkat ito ay magbubunga ng maayos at payapang pamumuhay.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na isa sa mga utos ng Diyos ay huwag magnakaw. Ang pag-angkin ng isang bagay na hindi mo pag-aari ay isang form ng paganakaw.
- Sabihin sa kanila na ang Diyos ay nalulugod sa mga batang gumagawa ng tama at mabuti.
- Tandaan na makagagawa lagi tayo ng tama at mabuti kung laging isaisip ang mga salita ng Diyos.

### **Aralin 3: Sundin ang Salita ng Diyos**

Totoo: Mapalad ang mga nakikinig at sumusunod sa salita ng Diyos. (Reference: Lukas 11:28)

Mabuti: Sundin ang salita ng Diyos.

Tama: Makinig at sumunod sa mga magulang upang hindi mapahamak.

#### B. Motivation

- Magpakanta ng awit na may kinalaman sa mga hayop na nilikha ng Diyos.

#### C. Bible Story: **Si Noah (Genesis 6:9-9:13)**

Si Noah na lamang ang matuwid na tao na nagbibigay kaluguran sa Diyos nang mga panahong iyon. Nalungkot nang lubos ang Diyos sa sukdulang kasamaan ng mga tao sa daigdig. Kaya sinabi ng Diyos kay Noah ang Kanyang planong pagpuksa sa mga tao at pagwasak sa buong daigdig. Inutusan Niya si Noah na gumawa ng isang napakalaking arko na yari sa kahoy na sipres.

Sinunod ni Noah ang utos ng Diyos. Sila, kasama ang kanyang mga anak na sina Shem, Ham at Jafet, ay nagtulong-tulong sa paggawa ng malaking arko. Pinapasok ng Diyos sa loob ng arko sina Noah at ang kanyang pamilya kasama ang isang pares ng lahat ng uri ng maliliit at malalaking hayop at ng mga iba't ibang uri ng ibon.

Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw. Tumaas ng tumaas ang tubig hanggang sa nalunod at namatay ang lahat ng tao pati na ang lahat ng mga bagay na gumagalaw sa lupa. Binaha ang buong daigdig ng 150 araw.

Naalala ng Diyos si Noah at ang lahat ng mga kasama nito sa arko kaya nagpadala Siya ng hangin upang humupa ang tubig hanggang sa sumadsad ang arko sa bundok.

Unti-unting lumitaw ang mga kabundukan, hanggang sa lumitaw na ang tuyong lupa. Lumabas si Noah at ang kanyang pamilya at ang lahat ng uri ng hayop na kasama nila sa loob ng arko.

Si Noah ay gumawa ng dambana at naghandog sa Diyos. Pinagpala ng Diyos si Noah at ang kanyang mga anak. Sinabi ng Diyos kay Noah na palilitawin Niya sa ulap ang isang bahaghari bilang tanda na hindi na mangyayari ang lahat ng buhay ay mawawasak dahil sa baha.

#### D. Familiar Story

##### ***Ang Habilin***

Ang mga anak nina Ed at Jean ay masayang naliligo sa dagat.

*Andrei:* Wendel, napapalayo ka na. Bumalik ka dito!

*Wendel:* Takot ka ba sa mas malalim kuya Andrei?

*Andrei:* Hindi. Pero naalala mo ba ang bilin ni nanay sa 'tin?

'Wag tayo pupunta sa malalim!

Hindi pinakinggan ni Wendel si kuya Andrei. Hindi rin niya napansin na may malaking alon na parating. Lumubog siya at nagkakawag.

Si Mang Ed ay nakatingin sa gawi nila. Napansin niya ang kamay ni Wendel na parang kumakaway. Kinabahan siya kaya dali-dali siyang lumangoy upang sagipin ang anak.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na mahalagang makinig at sumunod sa salita ng Diyos upang hindi mapahamak.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na isa sa mga utos ng Diyos na ang mga anak ay dapat na sumunod sa kanilang mga magulang.  
Ang kanilang mga magulang ay ipinagkaloob ng Diyos upang sila ay pangalagaan at protektahan. Kaya naman ang mga magulang ay patuloy na nagpapangaral sa mga anak.
- Tandaan na kung sila ay marunong makinig sa paalala ng magulang o ng nakatatandang kapatid sila ay maiiwas sa anumang kapahamakan.

#### H. Preventive Health Care.

⇒ *First Aid—NOSE BLEED*

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Paupuin ang biktima na medyo nakatingala.
2. Pindutin ang malambot na parte ng ilong (sa may ilalim ng nasal bone) gamit ang hinlalaki at gitnang daliri sa loob ng sampung minuto.
3. Kung hindi pa tumitigil ang pagdurugo, maglagay ng maliit at malinis na tela, gasa o bulak sa isa o parehong butas ng ilong. Patuloy na pindutin ang ilong gamit ang hinlalaki at gitnang daliri.
4. Maglagay ng cold compress o cold pack sa may buto ng ilong at sa mukha.
5. Tumawag ng doctor kung hindi pa rin tumitigil ang pagdurugo.

#### I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Lukas 11:28 – Sumagot si Jesus, “*Lalong mapalad ang nakikinig ng salita ng Diyos at tumutupad nito*”.

#### **Aralin 4: Magtiwala sa Salita ng Diyos**

Totoo: Ang pagtitiwala sa salita ng Diyos ay magbubunga ng karunungan at tamang pagpapasya sa buhay. (Reference: Awit 119:66)

Mabuti: Pagkatiwalaan ang salita ng Diyos.

Tama: Magtiwala sa sinabi ng magulang. Inilalayo nila kayo sa anumang sakuna.

B. Motivation. Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa salita ng Diyos.

C. Bible Story: **Abraham (Genesis 12:1-5, 17:1-8, 22:1-12)**

Inutusan ng Diyos si Abram na umalis sa bayan ng Ur. Sinabi ng Diyos kay Abram na gagawin siyang isang dakilang bansa at siya ay kanyang pagpapalain. Sumunod si Abram sa Diyos. Naglakbay siya kasama ang kanyang asawang si Sarai, pamangking si Lot, mga alipin at mga ari-arian patungo sa bayan na ipakikita sa kanya ng Diyos.

Sa kanilang paglalakbay, ang Diyos ay laging nakikipag-usap kay Abram. Sinabi ng Panginoon kay Abram na siya ay magkakaroon ng sarili niyang anak. At kung gaano karami ang mga bituin sa kalangitan, ganoon din ang dami ng kanyang magiging anak at apo.

Naging kalugod-lugod si Abram sa Diyos dahil sa kanyang pagtitiwala. Dumaan si Abram sa maraming pagsubok ngunit kasama niya ang Diyos sa pagharap nito.

Nang siya'y 99 taon na, pinagtibay ulit ng Diyos ang Kanyang pakikipagkasunduan kay Abram na pararamihin ang lahi niya. Simula noon, tinawag na siyang Abraham dahil siya ay magiging ama ng maraming bansa. Si Sarai ay tinawag na Sara at siya ay magiging ina ng maraming bansa.

Makalipas ang isang taon, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham sapagkat nanganak si Sara ng isang lalaki na pinangalanan nilang Isaac, ayon sa utos ng Diyos. Makaraan ang ilang panahon, muling sinubukan ng Diyos si Abraham. Inutusan siya ng Diyos na ihandog ang kanyang kaisa-isang anak na si Isaac sa isang bundok na ituturo ng Diyos.

Pagdating nila sa nasabing lugar, gumawa si Abraham ng isang altar. Naghanda siya ng kahoy at itinali niya si Isaac. Nang akmang papatayin na niya ang kanyang anak, natigilan siya dahil tinawag siya ng anghel ng Diyos at sinabing huwag sasaktan ang kanyang anak.

Napatunayan ni Abraham na siya ay may takot sa Diyos dahil hindi niya ipinagkait ang kanyang anak. Si Abraham ay pinagpala ng Diyos.

D. Familiar Story

#### ***Marunong ka Bang Makingig?***

Si Kevin ay makulit na bata. Sa tuwing maglalaro siya sa labas, pinaaalalahanan siya ni Mang Cosme na huwag aakyat ng puno upang maiwasan ang disgrasya.

Isang hapon pagdating ni Mang Cosme . . .

*Mang Cosme:* Anak! Bumaba ka nga rito at baka ka mahulog.

*Kevin:* Hindi po 'tay. Kaya ko 'to!

Biglang nabali ang sanga na tinutungtungan ni Kevin.

*Kevin:* Aaayyy! Araaayyy ko.

*Mang Cosme:* Naniniwala ka na ba sa sinasabi ko sa'yo ngayon? Mapapahamak ka palagi pag

hindi

ka nagtiwala sa sinabi ko.

*Kevin:* Sorry po 'tay.

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyan diin na mabuti ang magtiwala lagi sa salita ng Diyos sapagkat ito ay makapagdudulot ng pagpapala at maglalayo sa kanila sa kapahamakan.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang mga anak na gaya nila ay matutong makinig at sumunod sa mga magulang.
- Ang mga magulang ay nandiyan upang sila ay alagaan at paalalahanan upang ang mga anak ay hindi mapahamak.

### **Aralin 5: Alalahanin ang Salita ng Diyos**

Totoo: Tandaan na ang Diyos ay lagi nating kasama. Alalahanin at panghawakan ang Kanyang salita at mga pangako. (Reference: Josue 1:8)

Mabuti: Alalahanin at panghawakan ang salita ng Diyos.

Tama: Gamitin ang salita ng Diyos upang mapaalalahanan ang ibang kabataan.

#### B. Motivation

- Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagmamahal sa Diyos.

#### C. Bible Story: **Si Isaac (Genesis 22:1-19, 25:19-26, 26:1-16)**

Si Isaac ay ang ipinangakong anak ng Diyos sa mag-asawang Abraham at Sara. Si Isaac din sana ang batang ihahandog ni Abraham sa Diyos bilang tanda ng kanyang pagsunod at pagtiwala sa Diyos.

Ang naging asawa ni Isaac ay si Rebecca na nagmula din sa angkan ng kanyang amang si Abraham. Biniyayaan din ng Diyos si Isaac ng kambal na anak. Minsan, nagkaroon ng taggutom sa kanilang lupain kaya si Isaac ay nagpunta sa Gerar kay Haring Abimelech.

Sinabi ng Diyos kay Isaac na huwag siyang pupunta sa Egypt; manatili lang siya sa kanyang kinalalagyan at pagpapalain siya ng Diyos.

Kaya si Isaac ay nanatili sa Gerar bilang pagsunod sa utos ng Diyos. Nang tanungin ng mga lalaki sa Gerar kung sino si Rebecca, sinabi ni Isaac na kapatid niya ito.

Isang araw, nakita ni haring Abimelec na naglalambingan sina Isaac at Rebecca. Nagalit ang hari dahil nagsinungaling sa kanya si Isaac. Sinabi ni Isaac sa hari na natakot siyang mapatay ng mga taga-Gerar. Kaya nagbigay ng babala si Haring Abimelec.

Dahil dito, malayang nakapagsaka si Isaac sa lupaing iyon at siya ay umani ng isandaang beses dahil pinagpala siya ng Diyos. Yumaman ng husto si Isaac hanggang sa paalisin na siya ng hari dahil mas makapangyarihan na siya kaysa sa kanila.

#### D. Familiar Story

***Naalala Mo Ba?***

Si Aling Lydia ay pupunta sa palengke kaya nagbilin siya sa anak na nanood ng t.v....

*Aling Lydia:* Allen, pupunta ako sa palengke. Bantayan mo ang sinaing at baka masunog.

Palibhasa ay wala naman talaga sa loob niya ang pagsagot sa ina, nakalimutan na ni Allen ang ipinagbilin sa kanya. Libang na libang siya sa kanyang panonood ng t.v. hanggang...

*Allen:* Amoy nasusunog!? Naku! Nasusunog na ang sinaing! Lagot! Patay ako kay nanay!

Tamang-tamang papasok na si Nanay sa pinto.

*Nanay:* Allen? Allen! Nasaan ka ba at nangangamoy sunog dito sa labas! Pinabayaan mong masunog ang sinaing!?

*Allen:* Sori po 'Nay. Nalibang kasi ako sa panonood.

*Nanay:* Sige, sunog na sinaing ang kakainin mo ngayong tanghalian.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na mahalagang alalahanin ang salita ng Diyos anumang sitwasyon ang hinaharap. Ang mga salita Niya ay naglalaman ng mga prinsipyo sa buhay na dapat isakatuparan.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na mahalagang bigyan ng atensyon ang sinasabi o hinahabilin ng magulang. Ipaalala sa kanila na sa tuwing binabalewala o hindi binibigyang pansin ang sinasabi ng kanilang magulang ay sila mismo ay maaaring mapahamak.
- Tandaan palagi na sila ay dapat nakikinig at sumusunod sa kanilang magulang. Sila rin dapat ang nagiging magandang halimbawa ng pakikinig at pagsunod sa mga magulang at mga paalala o alintuntunin sa ibang mga bata na gaya nila.
- Gamitin nila ang mga natututuhang mga salita ng Diyos upang paalalahanan ang iba.

#### H. Preventive Health Care.

⇒ First aid para sa Sprains at Strains

Ang pangunahing lunas sa sprain at strains ay mas kilala sa tawag na RICE (rest, ice, compression at elevation)

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Ipahinga ang nasaktang bahagi ng katawan.
2. Lagyan ito ng cold compress o cold packs sa loob ng 10 hanggang 15 minuto. Gawin ito kada dalawang oras sa loob ng dalawang araw para maiwasan ang pamamaga.
3. Kapag nakahiga, siguraduhing nakataas ang bahagi ng katawan na may sprain o strain. Dapat mas mataas ito sa puso para maiwasan ang posibleng pamamaga.
4. Iwasang mainitan ang bahaging ito sa kahit na anong paraan sa loob ng 24 na oras dahil makadaragdag ito sa pamamaga.

#### I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Josue 1:8 – “*Alalahanin mong lagi ang aking tagubilin: Magpakatatag ka at tibayan mo ang iyong loob. Huwag kang matakot o mawawalan ng pag-asa. Ako ang iyong Diyos ay sasaiyo saan ka*



*man pumunta.”*

### **Aralin 6: Pahalagahan ang Salita ng Diyos**

Totoo: Isabuhay ang napapakinggan at natututunang Salita ng Diyos. (Reference: Santiago 1:22)

Mabuti: Isabuhay ang Salita ng Diyos.

Tama: Pahalagahan ang bilin ng magulang at sundin ito.

#### **B. Motivation**

- Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagbabasa ng Bibliya o salita ng Diyos.

#### **C. Bible Story: Jacob at Esau (Genesis 25:27-34, 27:1-45, 28:10-22)**

Sina Isaac at Rebecca ay nagkaroon ng dalawang anak. Si Esau ay ang kanilang panganay na mabalahibo ang kutis. At sumunod sa kanya si Jacob. Si Esau ay naging mahusay na mangangaso. Si Jacob naman ay isang tahimik na tao.

Isang araw, si Esau ay umuwi, gutom na gutom. Dinatnan niya si Jacob na nagluluto. Nagmadali siyang manghingi ng pagkain kay Jacob. Dahil sa matinding gutom, pinawalang bisa ni Esau ang kanyang pagkapanganay nang sumumpa siya kay Jacob.

Dumating ang araw na ipagkakaloob na ni Isaac kay Esau ang pagpapala bilang panganay. Halos wala na siyang makita dahil sa kanyang katandaan. Nagpanggap si Jacob bilang si Esau. Siya ang nakatanggap ng pagpapala mula sa kanyang ama. Nagalit si Esau kay Jacob at naisip niyang patayin ang kapatid.

Inutusan ni Rebecca si Jacob na tumakas. Pinagpala ni Isaac si Jacob at pinagbilinan na huwag mag-aasawa ng babaeng Cananea. Sa paglalakbay ni Jacob tumigil siya sa isang lugar upang magpahinga. Kinausap siya ng Diyos sa kanyang panaginip.

*Diyos:* “Ibibigay Ko sa iyo at sa iyong mga angkan ang lugar na kung nasaan ka ng mga oras na ito. Padadamihin Ko ang iyong angkan at kakalat sa buong daigdig ang iyong lahi.”

Siya ay namangha at sinabi niyang ang Diyos ay naroon sa lugar na iyon. Tinawag niya ang lugar na Bethel.

#### **D. Familiar Story**

##### ***Ang Sabi ni Nanay***

Si Kelly ay may mas batang kapatid na limang taong gulang. At tuwing aalis ang kanyang mga magulang, laging ihinahabilin sa kanya si Jim.

*Nanay:* Kelly, huwag kang magpapapasok dito ng hindi mo kilala. Delikado na ang panahon ngayon.

*Kelly:* Opo ‘nay.

Makalipas ang ilang oras, dumating ang mga kaklase ni *Kelly*.

*Sandra:* Kelly, sama ka sa amin maglakwatsa sa plaza!

*Kelly:* Hindi puwede. Wala sila nanay dito. Binabantayan ko si Jim. At nangako ako kina nanay na hindi kami lalabas.

*Dina:* Sige, ikaw ang bahala. Mami-miss mo ang kasiyahan sa plaza.

*Sandra:* Oo nga. Bye!

Magdidilim na nang dumating ang mga magulang ni Kelly. Ikinuwento niya ang mga pangyayari kina tatay at nanay.

*Nanay:* Mabuti ang iyong ginawa anak. Dahil diyan ay may pasalubong kami ni tatay para sa inyo ni

Jim.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na dapat pahalagahan ang salita ng Diyos. Huwag umasa sa sariling pangangatwiran kung alam natin ang mga prinsipyong ihinaha-hayag ng salita ng Diyos.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang batang may pagpapahalaga sa sinabi ng kanyang mga magulang ay malalayo sa kapa-hamakan.
- Mahalaga na pahalagahan ang salita ng Diyos sapagkat ito ay makakatulong na makapamuhay tayo ng tama.
- Mahalaga na pakinggan ang paalala ng mga magulang sapagkat ito ay nagbibigay kaluguran sa Diyos. Sila ay nariyan upang kayo ay hindi mapahamak.
- Bigyang pahalaga ang mga paalala na tutulong sa iyo upang manalitiling ligtas at maiwas sa anumang kapahamakan.
- Ang Diyos ang nagkakaloob ng mga ito para sa ating kaligtasan.

### **Aralin 7: Isapamuhay ang Salita ng Diyos**

Totoo: Mahalin ang Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas. Mahalin ang kapwa gaya ng sarili.  
(Reference: Mateo 22:37;39)

Mabuti: Ipakita ang pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasapamuhay ng Kanyang salita.

Tama: Ipakita ang pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig sa kapwa (sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila).

#### B. Motivation

- Magpaawit: Read your Bible

#### C. Bible Story: **Joseph (Gen. 37:1-36, 39:1-23, 40-45)**

Si Joseph ay mayroong labing-isang kapatid na lalaki. Mahal na mahal siya ng kanyang ama sapagkat siya'y ipinanganak noong katandaan na ni Jacob. Dahil dito, si Joseph ay kinainggitan at kinamuhian ng kanyang mga nakatatandang kapatid. Binalak nilang patayin si Joseph. Hindi sumang-ayon ang panganay na si Reuben.

Habang sila'y kumakain, may isang pangkat ng mga Ismaelita ang dumaan patungong Ehipto. Napagkasunduan nilang ipagbili si Joseph sa mga Ismaelita. Nilagyan nila ng dugo ng kambing ang magandang damit ni Joseph at ibinigay nila ito sa kanilang ama. Sinabi nilang patay na si Joseph.

Ipinagbili ng mga Ismaelita si Joseph kay Potiphar na isa sa mga kapitan ng mga guwardya ng hari ng Ehipto.

Pinagpala ng Diyos si Joseph sapagkat ginawa siyang tagapamahala ng sambahayan at ari-arian nito. Ngunit si Joseph ay napagbintangan sa isang kasalanang hindi niya ginawa kaya siya ay nabilanggo. Ngunit sa kulungan ay pinagpala pa rin siya ng Diyos dahil ginawa siyang tagapamahala ng mga bilanggo.

Si Joseph ay pinagkalooban ng Diyos ng kakayahang magpaliwanag ng mga panaginip. Siya ay nagkaroon ng pagkakataong maipaliwanag ang panaginip ng Paraon. Sinabi niya sa Paraon na binigyan ng Diyos ang hari ng panaginip upang mapaghandaan nila ang darating na taggutom.

Nagmungkahi din siya sa Paraon ng solusyon para sa darating na taggutom. Dahil dito, ginawang kanang kamay ng Paraon si Joseph at tagapamahala sa buong palasyo. Muling pinagpala ng Diyos si Joseph.

Ang mga tao ay sumunod sa kanyang mga utos. Dumating nga ang taggutom. Kahit kailanman, ang buong Ehipto ay hindi naapektuhan nang panahong iyon.

#### D. Familiar Story

##### ***Ipakita ang Pagmamahal***

Kagagaling lang nina Aling Tinay at ng kanyang pamangking si Cookie sa simbahan. Sila ay naglalakad habang naghahanap ng makakainan.

*Aling Tinay:* Cookie anak, natatandaan mo ba ang mensahe kanina?

*Cookie:* Opo tiyang. Mahalin daw natin ang ating kapwa tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili.

*Aling Tinay:* Korek ka diyan!

*Cookie:* Tiyang, dito na lang tayo kumain.

*Tiya Tinay:* O, sige pumili ka na.

Nang matapos kumain ang magtiya, ipababalot sana ni Tinay ang natirang pagkain nang may lumapit na bata. Siya'y gusgusin at mukhang gutom na gutom.

*Tiya Tinay:* O heto. Sa iyo na lang itong pagkain.

*Bata:* Salamat po!

*Cookie:* Tiyang, masarap palang makatulong sa kapwa.

*Tiya Tinay:* Ayan, di nagawa mo na yung narinig mong mensahe kanina. Di ba? Naipapakita natin ang ating pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagmamahal sa ating kapwa.

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento. Bigyang diin na gaya ni Joseph makagagawa lamang tayo ng mabuti at tama kung isasapamuhay natin ang salita ng Diyos.

#### G. Mabuting Mamamayan.

- Bigyan diin na maipapakita natin ang pagmamahal natin sa Diyos kung gagawin natin ang Kanyang ipinag-uutos. Sinabi ni Cristo na mahalín ang kapwa gaya ng sarili.

- Tandaan na kung mahal mo ang Diyos kaya mong sundin ang kanyang ipinag-uutos na mahalin mo ang iyong kapwa. At ito ay dapat mo ring ituro sa iba.

#### H. Preventive Health Care

⇒ Malaking Sugat o Malalim na Pagkakahiya — Ang matinding pagdurugo ng sugat ay isang emergency. Gawin ang lahat upang matigil ang pagdurugo.

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Hayaang nakahiga ang biktima.
2. Maglagay ng malinis na tela o panyo sa mismong sugat.
3. Siguraduhing maayos ang pagkakalagay ng tela sa sugat. Kung maaari, lagyan ito ng benda.
4. Kung paa o kamay ang may sugat, siguraduhing mas mataas ito kaysa sa puso ng biktima. (Gawin lamang ito kung walang baling buto ang biktima).
5. Kapag kontrolado na ang pagdurugo, gawin ang mga sumusunod:
  - ◆ Panatiliing mainit ang pakiramdam ng biktima sa pamamagitan ng pagbalot dito ng kumot.
  - ◆ Kung hinihinalang may spine, neck o head injury ang biktima, huwag siyang gagalawin. Kung wala namang injury, siguraduhing hindi basa ang hinihigaan ng biktima o hindi ito giniginaw.
  - ◆ Kung posible, tanggalin ang nakatakip sa sugat.
  - ◆ Kung may malay-tao ang biktima at hihingi ng tubig, basain lang ang labi at dila niya.
  - ◆ Kung hinihinalang may abdominal injury, huwag siyang bigyan ng maiinom.

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Mateo 22:37&39 – “Mahalin mo ang iyong Panginoong Diyos ng buong puso, kaluluwa, isip at lakas. Mahalin mo ang iyong kapwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.”

### **Aralin 8: Ang Pagpapakumbaba ay Mahalaga**

Totoo: Ang nagmamataas ay ibababa, at ang nagpapaka-baba ay itataas. (Reference: Matthew 23:12)

Mabuti: Gamitin ang salita ng Diyos upang maging gabay ng ating pamumuhay.

Tama: Maging mapagpakumbaba sa pamamagitan ng pag-amin ng kasalanang nagawa at paghingi ng kapatawaran.

#### B. Motivation

- Magbigay ng halimbawa ng pagpapakumbaba at pagmamayabang tanungin ang mga bata kung ano ang maaaring epekto ng mga ito.

#### C. Bible Story: **Moses (Exodus 3:7– 4:11)**

Minsan, nakarating si Moses sa Mt. Horeb, ang bundok ng Diyos. Ang anghel ng Panginoon ay nagpakita sa kanya doon sa ningas ng apoy, sa gitna ng isang mababang punong-kahoy. Nagliliyab ito ngunit di nasusunog.

Nang malapit na si Moses, tinawag siya ng Diyos mula sa nagliliyab na punongkahoy at sinabing, *Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga taga Egypt ang aking bayang Israel. Nalalaman ko ang kanilang mga daing. Kaya bumaba ako upang sila ay iligtas, alisin sa Egypt at ihatid sa mayaman, malawak at masaganang lupain ng mga Cananeo, Heteo, Amoreo, at Jebuseo.*

*Papupuntahin kita kay Faraon upang ilabas mo sa Egypt ang aking bayan. Sinabi ni Moses sa Panginoon na makapal ang kanyang dila at pautal-utal kung magsalita. Nagsumamo siya sa Diyos na iba na lang ang Kanyang isugo. Ngunit sinabi ng Diyos, *Lumakad ka na at tutulungan kita sa pagsasalita at ituturo ko sa iyo ang iyong sasabihin at ang mga dapat mong gawin.**

Si Moses ang hinirang at ginamit ng Diyos upang pangunahan ang Kanyang bayang Israel, na makalaya mula sa Egypt.

#### D. Familiar Story

##### ***Marunong Ka Bang Magpakumbaba?***

Matalik na magkaibigan sina Desie at Aubrey. Ngunit minsan nagkaroon sila ng tampuhan. Ilang araw din silang hindi nagpansinan at nagbatian. Isang araw sa canteen...

*Angel:* Desie, di pa rin ba kayo nagkakabati ni Aubrey hanggang ngayon?

*Desie:* Oo Angel. Namimis ko na nga ang kaibigan ko. Wala na kong kasabay pumasok at kumain ngayon.

*Angel:* Eh bakit di mo siya kausapin? Ikaw naman ang may kasalanan, di ba?.

Sinunod ni Desie ang payo ni Angel. Kinausap niya si Aubrey at humingi ng tawad. Pinatawad naman agad ni Aubrey si Desie. Mula noon ay lagi na muli silang magkasama.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang taong marunong magpakumbaba ay hindi iniisip na mas magaling siya kaysa iba katulad ni Moses.
- Ang taong mapagpakumbaba ay marunong umamin ng kanyang pagkakamali. Kadalasan sa tao ay nagkamali na, maghahanap pa ng masisisi imbes na aminin na lang na nagkamali siya.
- Ang Salita ng Diyos ay naglalaman ng mga prinsipyo sa buhay upang ito ang maging gabay sa ating pamumuhay.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Ang pakikipagkasundo ay tanda ng pagpapakumbaba.”
- Magbigay ng ibang halimbawa ng pagpapakumbaba katulad ng pag-amin sa kasalanan, pagsabi ng sorry, etc.

##### **Aralin 9: Ang Katapangan sa Harap ng Panganib**

Totoo: Huwag mabagabag dahil kasama natin ang Diyos, hindi Niya tayo iiwan ni pababayaan.

(Reference: Deuteronomy 31:6)

Mabuti: Magtiwala sa Diyos sa panahon ng ating kagipitan.

Tama: Huwag umasa sa sariling lakas at kaalaman humingi ng tulong sa Diyos sa paggawa ng desisyon.

B. Motivation — Magpakita ng mga larawan kung saan ang panganib ay nakaabang, tanungin ang mga bata kung paano sila matutulungan ng Diyos kung sila ay nasa ganoong sitwasyon.

#### C. Bible Story: **Matapang si Joshua (Joshua 8:1-28)**

Sinabi ng Diyos kay Joshua, *Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob. Tipunin mo ang*

*lahat ng iyong mga kawal at salakayin ninyo ang lungsod ng Ai. Gawin ninyo ang ginawa ninyo sa lungsod ng Jerico. At wala kayong maaaring angkinin doon kundi ang kanilang bakahan at mga ari-arian. Maghanda kayo at salakayin ninyo ang lungsod buhat sa likuran.*

Inihanda nga ni Joshua ang lahat niyang mga kawal upang salakayin ang Ai. Kinabukasan maaga pa'y tinipon na niya ang buong bayan. Siya at ang pinuno ng Israel ang nanguna patungo sa Ai.

Nagbukod si Joshua ng mga mandirigma na ipinakubli niya sa kanluran ng lungsod at ang iba nama'y sa kabilang dako.

Hindi nag aksaya ng panahon ang hari at ang mga taga Ai nang makita ang pangkat ni Joshua. Lumabas sila ng lungsod at sinagupa ang hukbo ng Israel. Napatay ng mga Israelita ang mga kalaban at walang nakatakas o nakaligtas ni isa man.

Wala silang kinuha sa nalupig na lungsod kundi ang mga baka at ari-arian, ayon sa sinabi ng Diyos kay Joshua. Sinunog ni Joshua ang Ai at iniwang nakatiwangwang habang panahon.

#### D. Familiar Story

##### ***Ang Panganib***

Medyo madilim na nang naglalakad pauwi ang magkapatid na Sunny at Jimmy. Bigla na lang may malaking itim na asong humarang sa daraanan nila. Napaatras sila. Natakot at nagtago si Jimmy sa likod ng kanyang kuya.

Papalapit na sa kanila ang aso nang makakuha si Sunny ng patpat at matapang na binugaw ang aso. Tumakbo palayo ang malaking aso. Nakapaglakad ng maayos ang magkapatid at ligtas na nakarating sa sa kanilang bahay.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na tutulungan tayo ng Diyos na harapin ang mga panganib sa ating buhay, kailangang manangan tayo sa Kanyang mga pangako at sa Kanyang mga salita.
- Kung nais natin na tulungan tayo ng Diyos na gumawa ng desisyon sa panahon ng kagipitan, di tayo dapat magpadalos-dalos sa pagdedesiyon. Ang taong nahaharap sa gipit ay kadalasang sa patalim kumakapit. \*\* I-Explain kung ano ang ibig sabihin ng sa patalim kumakapit.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Huwag gamitin ang katapangan sa pakikipag-away.”

#### H. Preventive Health Care

##### ⇒ Table Manners

1. Maupo ng derecho sa upuan.
2. Huwag ipapatong ang siko sa mesa.
3. Kumuha ng katamtaman lang na ulam at kanin.
4. Huwag pupunuin ang plato o kukuha ng pagkain na sobrang dami na hindi kayang ubusin. BAWAL ANG TAKAW MATA.
5. Maaari namang umulit kung gusto pa.
6. Kung ang serving plate ay malayo sa iyo, sabihin mo “Pakiabot ng kanin o ng ulam.” Laging magpasalamat sa nag-abot sa iyo.

7. Maglagay ng tamang dami ng pagkain sa kuchara - hindi punong-puno ang bibig pag isinubo.
8. Nguyain ang pagkain ng walang ingay (tayo ay mga tao at
9. hindi baboy). Nakasara ang bibig habang ngumunguya.
10. Ubusin muna ang pagkain sa bibig bago sumubo ulit.
11. Huwag magsasalita kung ang bibig ay puno pa ng pagkain.
12. Ubusin ang pagkaing nasa plato.

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Deuteronomy 31:6 — *“Magpakatatag kayo at maging matapang. Huwag kayong matakot dahil sa kanila sapagkat kasama ninyo ang Diyos. Di Niya kayo iiwan ni pababayaan.”*

### **Aralin 10: Ang Pagtitiwala sa Diyos**

Totoo: Ipagkatiwala mo sa Diyos ang iyong mga gawain at magtatagumpay ka sa iyong mga layunin.  
(Reference: Proverbs 16:3)

Mabuti: Magtiwala sa kakayahan ng Diyos sa ating buhay.

Tama: Manalangin at humingi ng patnubay sa Diyos bago gawin ang isang bagay.

#### B. Motivation

- Magpalaro: Maghanda ng Panyo

Gumawa ng obstacle course gamit ang mga upuan, libro at lamesa, palusutin ang mga bata sa lamesa patalunin sila sa pinagpatong-patong na libro, ang mga leader ang magsisilbing mata ng buong grupo, siya ang magsasabi ng direksyon.

- a. Bumuo ng dalawa hanggang tatlong grupo (depende sa dami ng estudyante)
- b. Papiliin ng leader ang bawat grupo at papilahin, papuntahin ang leader sa likuran ng pila.
- c. Gamit ang panyo takpan ang mata ng lahat maliban sa leader.

#### C. Bible story: **Caleb (Numbers 14:6-36)**

Sinabi ng Diyos kay Moses, *Piliin mo ang mga kinikilalang puno ng bawat lipi at patiktikan mo ang Canaan, ang lupaing ibibigay ko sa inyo.* Gayon nga ang ginawa ni Moses. Kasama sa kanyang napili si Caleb anak ni Jafune buhat sa lipi ni Juda. Bago lumakad ang mga espiya pinagbilinan muna sila ni Moses.

Sinunod nga nila ang mga ipinagbilin ni Moses. Matapos ang apatnapung araw, umuwi sila at humarap kina Moses. Ang sabi nila, “mainam ang lupaing iyon, sagana sa lahat ng bagay ngunit malakas ang mga tagaroon. Di natin sila kayang talunin”

Pagkatapos nilang magsalita ay pinatahimik ni Caleb ang buong bayan at sinabi, “Lusubin natin sila at tiyak na sila ay ating malulupig. Kung loloobin ng Diyos, ibi-bigay niya sa atin ang lupaing iyon. Magtiwala kayo sa Diyos at huwag matakot sa mga tagaroon. Madali natin silang magagapi pagkat kasama natin ang Diyos.”

Si Caleb ay nagtiwala sa Diyos hanggang sa kanyang pagtanda. Ito ang wika ng Diyos kina Moses at Aaron.

*“Maliban kay Caleb at Joshua ay walang makararating sa lupaing ipinangako Ko kasama rin ang kanilang mga anak na sinasabi ninyong mabibihag ng kaaway.”*

Ibinigay kay Caleb ang Hebron sapagkat naglingkod siya nang tapat sa Diyos.

#### D. Familiar Story

##### ***May Tiwala Ka ba?***

Si Honey ay nasa ika-limang baitang. Isa siya sa napili bilang kalahok sa “tagisan ng talino” sa kanilang paaralan. Mula noon ay lagi na niya itong ipinapanalangin sa Diyos. Dumating ang araw ng paligsahan....

*Nanay:* Handa ka na ba anak?

*Honey:* Opo ‘Nay, Naniniwala po ako na tutulungan ako ng Diyos.

Nang matapos ang paligsahan ....

*Honey:* ‘Nay, nanalo po ako! Salamat sa Diyos.

*Nanay:* Mahalaga talagang tayo ay nagtitiwala sa kakayahan ng Diyos.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na tayo ay malalayo sa kapahamakan kung magtitiwala tayo sa salita ng Diyos. Walang masama sa pagpapalano. Kailangan lang na i-commit natin ang ating mga plano sa Diyos. Kung ang planong ito ay naaayon sa kalooban ng Diyos, ito ay mangyayari.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Ipanalangin natin ang mga namumuno sa ating barangay at sa buong bansa.

##### **Aralin 11: Ang Pagtugon sa Tawag**

Totoo: At sinabi ni Jesus, Nakita mo ako kaya ka naniwala; mapalad silang hindi nakakita gayunma’y sumampa-lataya. (Reference: John 20:29)

Mabuti: Magtiwala sa salita ng Diyos.

Tama: Ipakita ang pagsunod sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga magulang, sa mga guro, sa mga patakaran sa tahanan o sa eskuwelahan, sa mga batas na pinaiiral sa barangay.

#### B. Motivation

- Magbigay ng halimbawa ng pagtawag.
- Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang magiging pagtugon sa mga pagtawag na ito. (Halimbawa: Kapag tinawag ng magulang para utusan).

#### C. Bible Story: **Ang Tugon ni Deborah (Judges 4:4-23)**

Nang mamatay si Ehud, muling namuhay sa kasalanan ang mga Israelita. Kaya, pinabayaan ng Diyos na malupig sila ni Haring Jabin ng Hazor. Si Sisera ang punong kawal ni Haring Jabin.

Ang Israel ay binusabos niya sa loob ng dalawampung taon. At dumaing sa Diyos ang mga Israelita. Si Deborah, na isang hukom at propetisa nang panahong iyon ay ipinatawag si Barak upang ipahatid ang mensahe ng Diyos.

“Inutusan ka ng Diyos na pumili ng 10,000 kawal sa lipi nina Neftali at Zabulon. Isama mo sila sa bundok ng Tabor at labanan niyo sa ilog Kishon ang pangkat ni Sisera at malulupig mo sila.”



“Sasama ako kung sasama ka,” wika ni Barak. “Wala kang matatanggap na karangalan pagkat si Sisera ay ipalulupig ng Diyos sa isang babae.” At lumakad nga sila kasama si Deborah.

Nang sumalakay sina Barak, nilito ng Diyos sina Sisera. Nag kanya-kanyang takbo ang mga kawal at silang lahat ay namatay. Si Sisera naman ay nakatakas. Ngunit sinalubong siya ni Jael na asawa ni Heber at pinatuloy sa kanilang tolda. Nakatulog siya nang mahimbing. Pinukpok ni Jael ng martilyo at tulos si Sisera na siyang ikinamatay niya.

#### D. Familiar Story

##### ***Tumugon si Alice***

Masama ang pakiramdam ni Aling Lucia. Magtatanghalian na ay di pa siya nakapapamalengke para sa kanilang pananghalian. Samantala, nanonood naman ng TV ang magkapatid na Alice at Jill.

*Nanay:* Alice, anak, halika sandali! Ikaw muna ang mamalengke at magluto. Masama lang ang pakiramdam ko. Darating na si Tatay.

*Alice:* Opo, maya-maya na ‘po, Inay!

Napansin ng bunsong si Jill ang di pagtugon ng kapatid sa utos ng Ina. Siya na lamang ang namalengke at nagluto. Dahil dito ay nabigyan ni Jill ng kasiyahan ang kanyang magulang.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang tumutugon sa tawag ng Diyos ay hindi umaatras dahil nagtitiwala sila na kasama nila ang Diyos katulad ni Deborah na hindi umatras sa pagsubok.
- Ang mga bata ay tumutugon sa tawag ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging masunurin sa kanilang mga magulang, sa mga guro sa mga patakaran sa tahanan o sa eskuwelahan, sa mga batas na pinairal sa barangay.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Ang paggamit ng ‘po’ at ‘opo’ ay tanda ng paggalang.”

#### H. Preventive Health Care

⇒ First Aid para sa Kagat ng Gagamba

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Iwasang magalaw ang parte ng katawan na nakagat at tiyakin na mas mababa ito kaysa sa puso ng biktima.
2. Lagyan ng cold pack ang parte ng katawan na nakagat. Huwag ilagay ang yelo direktso sa sugat. Kung walang cold pack, ilagay ang yelo sa plastic at lagyan ito ng kaunting tubig bago ilapat sa parte ng katawan na nakagat.

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

John 20:29 — *At sinabi ni Jesus, “Nakita mo Ako kaya ka naniwala; mapalad silang hindi nakakita gayunma’y sumampalataya.”*

### **Aralin 12: Walang pag-aalinlangan**

Totoo: Umasa sa Panginoon at sa kanyang kalakasan, at Laging hanapin ang kanyang kaluguran.

(Reference: 1 Chronicles 16:11)

Mabuti: Ang salita ng Diyos ay naglalaman ng mga prinsipyo sa buhay na magtuturo sa atin kung paano mamumuhay.

Tama: Maglaan ng oras upang magbasa at mag-aral ng Bible.

#### B. Motivation

- Magbigay ng sitwasyon na nagpapakita ng mga problemang mahirap solusyunan tanungin ang mga bata kung ano ang magagawa nila sa sitwasyong iyon o kung sino ang naiisip nilang makatutulong sa kanila.

#### C. Bible Story: **Si Gideon (Judges 6&7)**

Tumalikod na naman ang bansang Israel sa Diyos, kaya sila'y ipinasakop ng Diyos sa Median sa loob ng pitong taon. Narinig ng Diyos ang daing ng mga Israelita dahil sa pahirap ng mga Medianita.

Si Gideon na anak ni Joas ay nilapitan ng anghel ng Diyos at sinabi, *Maillligtas mo ang Israel pagkat tutulongan kita. Lupigin mo ang mga Medianitang ito na para ka lang pumatay ng isang tao.* Lumakad si Gideon at ang kanyang mga tauhan ng walang pagaalinlangan. Sa tulong at gabay ng Panginoon, ganap na nalupig ng Israel ang Median at ito'y hindi na nakabawi.

Naghari sa Israel ang kapayapaan sa loob ng apatnapung taon, habang nabubuhay si Gideon.

#### D. Familiar Story

##### ***Huwag Mag-alinlangan***

Maagang nagpunta sa palengke ang mag-inang aling Martha at Diane upang mamili. Maingay at siksikan sa palengke. Di namalayan ni Aling Martha na nadukot ang kanyang pitaka. Palabas na sila nang.....

*Aling Martha:* Naku! Nadukutan ako anak.

*Diane:* Paano po tayo makakauwi?

*Aling Martha:* May awa ang Diyos, anak.

*Diane:* Nanay si Tiyo Paking!!!

*Tiyo Paking:* Sakay na kayo!

*Aling Martha:* Salamat sa Diyos!

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin ang ginawang lubos na pagtitiwala sa Diyos ni Gideon, wala siyang pag-aalinlangan sa salita ng Diyos na siya ay tutulongan sa pakikipaglaban.
- Ganoon din tayo, kung hindi tayo magbabasa ng Bible at magtitiwala sa sinasabi Niya, lagi tayong magkakaroon ng mga pag-aalinlangan na siyang magtutulak sa atin sa mga maling desisyon.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Ang pagtulong sa kapwa ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos. \*\*Manghingi ng mga halimbawa

sa mga mag-aaral kung paano sila nakakatulong sa kanilang kapwa.

### **Aralin 13: Ang pagbabalik-loob**

Totoo: Dumulog tayo sa trono ng biyaya na may pagti-tiwala upang tanggapin natin ang habag at biyaya (Reference: Hebrews 4:16)

Mabuti: Pakinggan at sundin ang mga sinasabi ng magulang.

Tama: Aminin ang nagawang kasalanan at humingi ng kapatawaran.

#### **B. Motivation**

- Magbigay ng sitwasyon na nagpapakita ng pagkakamali at tanungin ang mga bata kung paano nila aayusin ang ganoong sitwasyon. Halimbawa: 1. Nanuntok ng kaklase, 2. Nangupit ng Pera, 3. Nagtapon ng basura sa daan.

#### **C. Bible Story: Nagbalik-loob sa Diyos si Samson (Judges 13:2, 16:4-30)**

Inutos ng anghel ng Diyos sa mag-asawang Manoah na “sa oras na ipanganak ang kanilang anak ay huwag papuputulan ang buhok nito. Mula sa kanyang pagsilang ay itina-laga na siya sa Diyos. Siya ang magsisimulang magligtas sa Israel mula sa mga Filisteo”.

Ganoon nga ang naganap at pinangalanan nilang Samson ang batang lalaki. Ang Espiritu ng Diyos ay lumukob kay Samson.

Nabighani si Samson kay Delilah na nagmula sa kapatagan ng Sorec. Kinausap ng limang pinunong Filisteo si Delilah at sinabing “*bibigyan ka namin ng tig-1,100 pilak kung malalaman mo ang sikreto ng kalakasan ni Samson upang mabihag namin siya.*”

“Ilang beses tinanong ni Delilah kay Samson kung saan nanggagaling ang kanyang lakas ngunit lagi siyang nililinlang ni Samson. Araw-araw siyang nagtatanong hanggang sa nainis na si Samson kaya sinabi na ni Samson ang katotoha-nan. Habang mahimbing na natutulog si Samson, sa tulong ni Delilah ay inahitan ng isang Filisteo ang ulo ni Samson.

Nang magising ito, wala na ang kanyang lakas sapagkat iniwan na siya ng Diyos. Binihag ng mga Filisteo si Samson, dinukot ang kanyang mga mata at pinagtrabaho sa gilingan ng bilangguan. Sa katagalan ay unti-unting humaba muli ang kanyang buhok. Nang magkaroon ng pagtitipon ang mga Filisteo, pinatayo nila si Samson sa gitna ng dalawang malalaking haligi.

Nanalangin si Samson. Humingi siya ng habag at nagbalik-loob sa Diyos. Tinipon niya ang nalalabi pa niyang lakas at itinulak niya ang mga haligi kung saan siya itinali. Gumuho ito at kasamang nabagsakan ang pinuno at lahat ng Filisteong naroon.

#### **D. Familiar Story**

##### ***Inamin ang Pagkakamali***

Si Hansel ay mahilig bumarkada. Dalawang beses na siyang umulit sa grade 5 kaya naman lagi siyang napagsasabihan ng kanyang mga magulang.

Nalaman ito ng kanyang tiya Elena kaya kinausap niya si Hansel ng masinsinan.

*Tiya Elena:* Di mo pinahahalagahan ang ginagawa nila para sa iyo. Mahal ka ng mga magulang mo at iniisip lang nila ang kapakanan mo.

*Hansel:* Tita, sorry. Naging selfish ako. Sarili ko lang ang iniisip ko.

*Tiya Elena:* Wag ka sa 'kin mag-sorry. Sabihin mo yan sa mga magulang mo. Halika na at ihahatid kita sa 'nyo. Humingi ka ng tawad sa mga magulang mo.

*Hansel:* Pero galit po sila sa akin.

*Tiya Elena:* Maski ako ay magagalit sa'yo.

Pagdating nina Hansel sa bahay nila, humingi siya agad ng kapatawaran sa kanyang mga magulang at nangakong siya ay magbabago na.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang lalabag sa utos ng Diyos ay tiyak na mapapahamak katulad ng nangyari kay Samson.
- Ang taong makasalanan ay dapat na magbalik-loob sa Diyos.
- Dapat tayong makinig sa ating mga magulang kung lagi nilang sinasabi na mag-aral tayo ng mabuti.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Ang paghingi ng kapatawaran ay tama at mabuti.” \*\*Siguruhin na maipaliwanag ng maigi sa mga mag-aaral kung ano ang ibig sabihin ng paghingi ng kapatawaran.
- Ipaliwanag na lagi dapat tayong humingi ng tawad sa ating mga kasalanan, gabi-gabi bago tayo matulog o kaya sa oras na makita natin na tayo ay nagkamali.

#### H. Preventive Health Care

⇒ First Aid para sa Kagat ng Bubuyog

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Kung posible, tanggalin ang stinger ng bubuyog. Maaaring gumamit ng tweezer o maaari rin itong tanggalin sa pamamagitan ng pagscrape dito. Gumamit ng mga bagay na may malapad at matibay na dulo gaya ng ATM cards.
2. Linisin mabuti ang sugat. Lagyan ito ng cold compress upang mabawasan ang pamamaga.
3. Tanggalin ang mga alahas o damit malapit sa parte ng katawan na nakagat lalo na kung magkakaroon ng pamamaga.
4. Obserbahan ang biktima. Tingnan kung magkakaroon ito ng shock o allergic reactions. Kung magkaganito, dalhin agad sa pinakamalapit na ospital ang biktima. Patuloy na obserbahan ang pasyente hanggang makarating sa ospital.

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Hebrews 4:16 — *“Kaya dumulog tayo sa trono ng biyaya na may pagtitiwala upang tanggapin natin ang habag at biyaya na tutulong sa atin sa oras ng ating pangangailangan.”*

#### **Aralin 14: Walang pag-aalinlangan**

Totoo: Narito ang lingkod ko ay kikilos na may katalinuhan. Siya ay itataas at lubos na dadakilain.

(Reference: Isaiah 52:13)

Mabuti: Paglingkuran ang kapwa na para bang ang Diyos ang iyong pinaglilingkuran.

Tama: Gampanan ang katungkulan ng may kaayusan, at walang pandaraya.

## B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng iba't-ibang uri ng pandaraya, tanungin ang mga bata kung ano ang magiging epekto nito.

## C. Bible Story: **Samuel (Isaiah 3:1-19, 7:2-10)**

Nagpatuloy sa paglilingkod sa Diyos ang batang si Samuel. Siya ay lumaki sa patnubay ng Diyos at naging kalugud–lugod at kinagigiliwan ng tao. Sa kanyang pamamahala sa Israel natutong magsisi at manumbalik ang mga Israelita sa Diyos.

Tinalikuran nila ang mga diyos-diyosan at sila ay naglingkod sa Diyos. Nabalitaan ng mga Filisteo ang pagkakatipon ng mga Israelita, kaya naghanda sila upang makipagdigmaan sa mga Israelita. Si Samuel ay nanalangin sa Diyos, kaya't ginulo ng Diyos ang mga Filisteo at sa pamamagitan ng malakas na kulog ay nadaig sila ng mga Israelita.

Nilupig ng mga Israelita ang mga Filisteo. Ang mga Filisteo ay di na nangahas pang magbalik. Nabawi ng Israel ang mga lungsod at ang lahat ng kanilang lupain na sinakop ng mga Filisteo.

Taon-taon, nagpapalipat-lipat si Samuel sa Bethel, Gilgal, at Mizpa upang gampanan ang tungkulin bilang hukom. Umuwi siya sa Roma at doon ipinagpatuloy ang kanyang pamamahala. Siya ay nagtayo roon ng altar para sa Diyos.

Si Samuel ay namahala sa Israel hanggang sa panahon na siya ay nagtalaga ng hari bilang pagsunod sa utos ng Diyos.

## D. Familiar Story

### ***Ang Paglilingkod sa Kapwa ay Paglilingkod sa Diyos***

Nalalapit na ang eleksyon para sa class officers ng klase nila Marlon. Siya at ang kanyang mga malalapit na kaklase ay nagdadalawang isip kung sino ang kanilang iboboto.

*Michelle:* Kailangan maging matalino tayo sa pagboto.

*Mario:* Agree ako. Hindi na puwedeng iboto yung mga may pangsariling agenda lang.

*Marlon:* Syempre naman. Parang katulad din yan ng pambansang botohan, di ba?

*Mario:* Korek ka dyan! Si Roy, kumakandidato na naman. Puro yabang lang naman siya.

*Michelle:* Oo nga, wala naman siyang nagagawang projects para sa klase natin. Hindi siya marunong makinig sa mga suggestions.

Nang sumapit ang araw ng eleksyon sa klase nila, namudmod pa si Roy ng mga chocolates. Ngunit hindi na niya kayang bilhin ang boto ng mga kaklase niya. Natuto na silang pumili ng tamang tao para iboto bilang class president.

## F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang mga kabataan ay maaaring maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng pagiging matapat sa kanilang gawain.
- Halimbawa, kung sila ay nauutusan sa loob ng tahanan upang tumulong sa mga gawaing bahay, gawin ito ng may kaayusan, walang pandaraya na parang ang Diyos ang kanilang

paglilingkuran.

#### G. Mabuting Mamamayan

- “Ang tapat na tagapaglingkod ay nagbibigay kasiyahan sa Diyos.”
- \*\*Ipaliwanag sa mga mag-aaral na kahit naririnig nila ang tungkol sa paglalagay upang mapadali ang proseso, ito ay mali. Ang mga tumatanggap ng malaking lagay ay nagsimula sa maliliit na paglalagay.
- Halimbawa: Inutusan silang bumili ng isang bagay sa tindahan. Sasabihin nila, “sige basta pahinging limang piso.” O kaya’y hindi makakakilos kung walang tinatanggap na pabuya.

#### **Aralin 15: Ang Gobyerno, Itinatag ng Diyos**

Totoo: Ang bawat tao’y pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos. Ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos. (Reference: Romans 13:1)

Mabuti: Sundin ang alituntunin ng gobyerno o Pamahalaang itinatag ng Diyos.

Tama: Suportahan at paglilingkuran ang mga taong itinalaga ng Diyos upang mamuno.

#### B. Motivation

- Magbigay ng halimbawa ng mga patakaran sa tahanan, barangay o bayan. Magtanong din sa mga bata kung may alam silang mga patakaran.

#### C. Bible Story: **Saul (Isaiah 8:1 - 10:1)**

Si Samuel ay naging hukom ng Israel nang panahong iyon.

Sa kanyang katandaan, hiniling sa kanya ng mga Israelita na bigyan sila ng hari na mangunguna sa kanila.

Isang araw, sinabi ng Diyos kay Samuel na kinabukasan ay makikilala niya ang Kanyang napili na maging bagong hari ng Israel.

At ganoon nga ang nangyari. Si Saul ay napadpad sa bayan kung saan naroroon si Samuel, dahil sa paghahanap sa kanyang mga asnong nawawala.

Nang makita ni Samuel si Saul nalaman niya agad na siya ang napili ng Diyos. Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at binuhusan ang ulo ni Saul. At sinabing, *Binubuhusan kita ng langis ng Diyos upang maging hari ng Israel.*

*Pamamahalaan mo ang Kanyang bayan at ililigtas laban sa lahat niyang kaaway.* Si Saul ang itinalaga ng Diyos na maging susunod na hari ng Israel.

#### D. Familiar Story

##### **Tama Pala Si Nanay**

Dinatnan ni Mara ang kanyang best friend na si Jill na nakapangalumbaba sa loob ng klasrum.

*Mara:* O, bakit para kang nalugi dyan?

*Jill:* Bakit ba kasi ang daming rules ni nanay?

*Mara:* Rules? Katulad ng .....?

*Jill:* Katulad ng magbaon ako ng pagkain para di na kailangan bumili dito sa school.

*Mara:* Sinabi ba niya ang dahilan?

*Jill:* Oo! Para daw siguradong malinis at masustansya ang kakainin ko at makakatipid pa kami!

*Mara:* Ganun naman pala, eh. Di ba mabuti yun?

*Jill:* Sabagay, tama ka.

*Mara:* O, di tapos na ang problema mo?!

*Jill:* Hindi pa. Sabi ni nanay mag-aral ako ng mabuti.

*Mara:* Wala na kong maisasagot sa'yo dyan. Kasi yan din ang sabi sa 'kin ng nanay ko.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na katulad ng pagpili ng Diyos kay Saul upang pamunuan ang Israel, ganoon din sa ating panahon ngayon na ang mga namumuno sa ating bayan ay itinatag ng Diyos.
- Sa ating tahanan naman, ang mga magulang ang namumuno sa kanilang mga anak. At ang pastor ang namumuno sa mga mananampalataya sa church. At ang mga namumunong ito ay gumagawa ng mga alituntunin na dapat sundin para sa mapayapa at tahimik na pagsasama ng bawat isa.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Mabuti ang pagsunod sa mga utos ng ating mga magulang.

#### H. Preventive Health Care

⇒ First Aid Tips: Pagsakit ng Ngipin

##### • *Mga Dapat Gawin:*

1. Gumamit ng dental floss upang maalis ang mga pagkaing nakabara sa pagitan ng mga ngipin.
2. Maaaring uminom ng pain reliever upang pansamantalang mawala ang sakit.
3. Bisitahin agad ang dentista kung tatagal ang pagsakit ng ngipin ng higit pa sa dalawang araw. .

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Romans 13:1 — *“Ang bawat tao’y pasakop sa mga pinuno ng pamahalaan sapagkat walang pamahalaang hindi mula sa Diyos. Ang mga pamahalaang umiiral ay itinatag ng Diyos.”*

### **Aralin 16: Pairalin ang Kapayapaan**

Totoo: Mapalad ang mga mapagpayapa, pagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos. (Reference: Matthew 5:9)

Mabuti: Pairalin ang kapayapaan.

Tama: Sundin ang mga alituntunin sa tahanan, sa eskuwelahan at sa barangay.

#### B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng mga sumusunod (pagtawid sa hindi tamang tawiran, pagsagot sa magulang, pangongopya, pagtatapon ng basura sa hindi tamang tapunan, pagwawalis sa loob

ng tahanan) sa bawat larawang ipapakita tanungin sila kung ito ba ay mabuti o tamang gawin o hindi. At bakit?

### C. Bible Story: **Solomon (1 Kings 3:16-28)**

Si Solomon ang pumalit kay David bilang hari ng Israel. Kilala si Haring Solomon sa kanyang angking katalinuhan. Minsan, may lumapit sa kanya na dalawang babae na may suliranin.

Nais nilang hingin ang tulong ni Haring Solomon upang malutas ang kanilang gulo.

*Babae 1:* Mahal na hari, kami po ng babaeng ito ay nakatira sa iisang bahay. Nanganak po ako at pagkalipas ng tatlong araw ay nanganak din ang babaeng ito. Wala po kaming ibang kasama roon. Isang gabi po ay nadaganan niya ang kanyang anak at ang bata ay namatay. Bumangon po siya sa kalaliman ng gabi habang natutulog ako. Kinuha niya sa tabi ko ang aking anak at ipinalit ang patay niyang anak. Nang gumising po ako kinaumagahan upang pasusuhin ang aking anak, natagpuan ko na lamang ang patay na bata sa tabi ko. Nang pagmasdan kong mabuti ang bata, nakita kong hindi iyon ang aking anak.

*Babae 2:* Hindi totoo iyan! Ang anak ko ay buhay at ang iyo'y patay.

Pinag-utos ni Haring Solomon na hatiin ang bata at ibigay ang kalahati sa bawat isa. Tumutol ang tunay na ina at sinabing . . .

*Babae 1:* Huwag po, Kamahalan! Ibigay na po ninyo sa kanya ang bata, huwag lamang ninyong patayin.

*Babae 2:* Sige, hatiin ninyo ang bata upang walang makinabang kahit sino sa amin.

Kaya't sinabi ni *Haring Solomon:* Huwag ninyong patayin ang bata. Ibigay ninyo sa una; siya ang tunay niyang ina.

### C. Familiar Story

#### ***Dahil sa Telebisyon***

Mahilig manood ng TV ang magkapatid na Janna at Nicole. Mga cartoons ang paborito ni Janna at si Nicole naman ay mahilig manood ng mga pelikulang pambata.

Maagang gumigising si Janna tuwing Sabado dahil maaga din ang paborito niyang palabas. Pagpunta niya sa sala upang manood, naroon na ang ate niya na nanonood ng pelikula...

*Janna:* Ate puwede bang ako muna ang manood? Nagsisimula na kasi yung paborito kong cartoons.

*Nicole:* Nauna ako. Mamaya ka manood pagkatapos nito.

*Janna:* Ate, matatapos na yung papanoorin ko.

Narinig ni Aling Cely ang pagtatalo ng magkapatid. Kaya nilapitan niya ang mga anak at . . .

*Aling Cely:* Ang aga-aga nag-aaway na kayo!

*Janna:* Si Ate po, ayaw akong pagbigyan para manood ng cartoons. Matatapos na yung papanoorin ko!

*Nicole:* Nay, nauna naman ako dito sa tv.

*Nanay:* Ganoon?! Ayaw ninyong magbigayan ha! Sige patayin na lang natin ang TV. Wala nang



manonood.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na kung hindi tayo susunod sa mga namumuno sa atin, magbibigay sila ng nararapat na parusa sa mga sumusuway sa mga patakaran.
- Halimbawa: sa ating maikling kuwento kung hindi magbi-bigayan ang magkapatid kung sino ang mauuna sa panonood ng t.v., pareho silang hindi makakapanood. Sa kuwento ng dalawang babae sa bible, mawawalan sila pareho ng anak kung walang magpaparaya sa kanilang dalawa.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Huwag dudura kung saan-saan! Ipaliwanag sa mga mag-aaral na kababuyan ang ganitong gawain.

### **Aralin 17: Kasaganahan ng Bayan**

Totoo: Mapalad ang mga mapagpayapa, pagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos. (Reference: Matthew 5:9)

Mabuti: Paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan sa pamama-gitan ng pagpapasagana ng bayan.

Tama: Maging masipag at matiyaga na may kasamang panalangin at pananalig sa Diyos.

#### B. Motivation

- Magbigay ng halimbawa ng mga patakaran sa tahanan, barangay o bayan magtanung din sa mga bata kung may alam silang mga patakaran.

#### C. Bible Story: **Rehoboam (1 Kings 11:42-12:24)**

Si Rehoboam ay ang anak ni Haring Solomon. Siya ang pumalit sa kanyang ama bilang hari ng Judah. Sinabi ng Diyos kay Rehoboam kung ano ang nais Niyang mangyari sa Israel sa pamamagitan niya ngunit hindi niya sinunod ang Diyos.

Sa halip, nagpatupad siya ng mga batas para sa sarili niyang kasaganahan. Kasama sa mga batas na ipinatupad niya ay ang pagpapataw ng mas mataas na buwis sa mga tao.

Ang buwis ay ang ibinabayad ng mga tao sa gobyerno na dapat gamitin para sa ikauunlad ng bayan at ng mga mamamayan nito.

Dahil sa pagsuway ni Rehoboam sa mga utos ng Diyos, naghirap ang bayan na dapat sana ay nakararanas na ng kasaganahan.

#### D. Familiar Story

### ***Halina't Magtanim***

Isang araw, maagang ginising ni Aling Pat si Mark.

*Aling Pat:* Mark, anak gising na.

*Mark:* 'Nay, pwede po ba mamaya na ko babangon?

*Aling Pat:* Hindi puwede kasi pupunta tayo sa barangay hall.

*Aling Pat:* Ipinamalita ni Kapitan na magbibigay sila ng mga halamang gulay para itanim. Kailangan makakuha tayo noon para makapagtanim tayo. Magandang proyekto yan.

*Mark:* Saan naman kayo magtatanim? Wala naman tayong malaking lupa?!

*Aling Pat:* Aba anak, di natin kailangan ng malaking lupa para magawa yan. Hala, mamaya na ang mga tanong at kumilos ka na.

*Mark:* Sige na nga po. Maliligo na po ako.

Bumungad kina Mark at Aling Pat ang mga sample ng mga gulay na nasa paso. Doon nakita ni Mark ang punto ng kanyang nanay at ang kagandahan ng proyektong naisip ni kapitan para sa kanyang barangay.

Kung may mga halaman na sila sa kanilang bakuran, di na nila kailangan bilhin ang mga ito sa palengke. At dahil maaga dumating sina Aling Pat, nakapamili siya ng mga seedling.

#### F. Gabay ng Buhay

- Sabihin sa mga mag-aaral na ang ating gobyerno ay nagpapalabas ng iba't ibang programa na makakatulong sa pag-unlad ng kabuhayan.
- Sabihin sa mga mag-aaral na magiging epektibo ang mga programa ng gobyerno kung ito ay ating susuportahan.
- Ang keywords sa pag-unlad ay sipag at tiyaga na may kasamang pananalig sa Diyos.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Tangkilikin ang sariling gawa sa ating bayan. Kailangang maalis sa mentalidad ng ating mga kabataan na kung gawa sa ating bansa ay mahinang klase. Kung nais nating umunlad ang ating bayan, matuto tayong ipagmalaki at tumangkilik ng sarili nating mga produkto.

#### H. Preventive Health Care

⇒ First Aid Tips — maliliit na sugat o pagkahiwa.

- *Mga Dapat Gawin:*

1. Linisin agad ang sugat at ang paligid nito gamit ang sabon at maligamgam na tubig.
2. Kalimitan ay isinusubo ang daliri kung ito ay nahiwa upang matigil ang pagdurugo. Maling paniniwala ito at dapat iwasan dahil may mga bacteria sa loob ng bibig na makakaimpeksiyon sa sugat.
3. Takpan ito ng malinis na bulak, tela o gasa upang matigil ang pagdurugo.
4. Kung hindi pa rin titigil ang pagdurugo, dagdagan ang bulak, tela na nakabalot dito. Higpitan ang pagkakabalot sa sugat.
5. Kung hindi pa rin titigil ang pagdurugo, magtungo agad sa pinakamalapit na clinic o ospital.
6. Kung malalim ang sugat, siguraduhing magtungo agad sa pinakamalapit na clinic o ospital.

#### I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Psalms 67:6 — *“Kung magkagayon, ang lupa ay mag-aani ng sagana at ang Diyos ang magpapala sa atin.”*

### **Aralin 18: Pagyamanin Ang Kalikasan**

Totoo: Pagyamanin ang kalikasan upang maraming anihin. (Reference: 2 Corinto 9:6 )

Mabuti: Pagyamanin ang kalikasan.

Tama: Magtanim ng mga halamang mapapakinabangan. Huwag basta sirain o pitasin ang halamang

nakikita sa paligid.

#### B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang paboritong gulay, puno, halaman at bulaklak at bakit. Ipaalam sa mga bata na ang lahat ng kanilang paborito ay nagmula sa pagtanim kaya't mahalaga na pagyamanin ang lupa upang patuloy na makakain at makakita ng kanilang mga paborito.

#### C. Bible Story: **Elisha (2 Hari 3:16-9:6)**

Si Elisha ay isang magsasaka bago pa man siya tawagin ng Diyos para sa Kanyang gawain. Nagbubungkal siya ng lupa at pinagyayaman ito. Sa pamamagitan ng pagpapayaman sa lupa ay natutugunan ang pangangailangan ni Elisha.

Kalaunan, tinawag ng Diyos si Elisha upang maging propeta. Nang siya ay nabubuhay pa, si Haring Joram ang hari ng Israel. Nais ni Haring Aram ng Siria na sakupin ang bayan ng Israel.

Sa tuwing magpapalano siyang gawin ito, nalalaman ito ni Elisha, dahil na rin sa tulong ng Diyos, kaya naman hindi nagwawagi ang mga taga-Siria.

#### D. Familiar Story

##### ***Ang Halaman***

Malaki ang likod-bahay ng pamilya Cruz. Kaya naisip ni Mrs. Cruz na gawin itong isang halaman.

Si Mrs. Cruz, kasama ang kanyang apat na anak ay nagtanim ng iba't ibang uri ng mga bulaklak gaya nang rosas, sunflower at mga daisies.

Nagtanim din sila ng mga gulay gaya ng ampalaya, okra, talong, kamatis at iba pa. Malaki ang pakinabang ng mag-anak sa kanilang bakuran dahil pinagyaman nila ito. Maging ang mga kapitbahay nila ay nakikinabang at nakapagtitipid. Lilipat lang sila sa bahay nila Mrs. Cruz at makapamimili na sila ng gulay sa mas murang halaga.

#### F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kwento ni Elisha. Tandaan na ang lahat ng bagay sa ibabaw ng lupa ay sa Diyos. Ito ay pinagkaloob niya upang ating pagyamanin at pakinabangan upang matugunan ang ating mga pangangailangan.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang kalikasang nilikha ng Diyos ay mapapakinabangan natin ng husto kung ito ay pagyayamanin natin sa pamamagitan ng pagtanim ng iba't-ibang halaman.
- Malaki at marami ang pakinabang ng mga tanim sa atin kaya sa tuwing tayo ay naglalakad o namamasyal hindi dapat basta-basta pinipitas, hinihila o tinatapak-tapakan. Ito ay may pakinabang sa taong nagpagal na patubuin at alagaan iyon.

#### **Aralin 19: Masaganang Pamumuhay**

Totoo: Ang kasipagan ay nagbubunga ng masaganang pamu-muhay. (Reference: Kawikaan 13:4)

Mabuti: Maging masipag sa anumang gawain.

Tama: Magsikap sa pag-aaral.

B. Motivation. Alamin sa mga bata kung may alam silang ugali o gawain ng mga langgam na kahanga-hanga at dapat tularan.

C. Bible Story: **David at Mefiboset (2 Samuel 9)**

Nang si David ay naging hari ng Israel hindi niya nakalimutan ang kanyang matalik na kaibigang si Jonathan.

Pinahanap niya sa kanyang alipin ang sinumang kabilang sa sambahayan ni Saul sapagkat nais niyang pakitaan ito ng kabutihan bilang pagtanaw ng kabutihang ipinagkaloob sa kanya ni Jonathan. Napag-alaman niya na may buhay pang anak si Jonathan na si Mefiboset.

Ipinasundo ni Haring David si Mefiboset sapagkat pilay ang dalawa niyang paa. Nang kanyang makita si Mefiboset, sinabi niya rito na hindi siya dapat matakot. Lahat ng lupain na pag-aari ng kanyang lolo na si Saul ay ibibigay niya sa kanya.

Ibinilin ni David kay Ziba na alipin ni Mefiboset, na ang kanyang mga anak at alipin ng mga anak niya ay magsasaka sa lupaing ito. Titipunin nila palagi ang mga ani ng bukirin at sisiguruhin na may makakain si Mefiboset at ang buong sambahayan nito.

Isinatuparan ni Ziba at ng sambahayan nito ang inutos ni David kaya't laging may nakahain sa hapag ni Mefiboset at sa buong sambahayan nito kabilang ang kanyang mga alipin.

D. Familiar Story

***Mag-aaral na Po Ako***

Palaging napapagalitan ng Nanay niya si Mia dahil siya ay tamad mag-aral.

*Nanay:* Mia, anak mag-aral ka.

*Mia:* Tinatamad ako 'Nay. Ang hirap po kasi ng leksyon namin.

*Nanay:* Mas mahihirapan ka pagdating mo sa hayskul kung hindi ka magsisikap. Di ba pangarap mong maging teacher?

*Nanay:* Mia kailangan mong maging masipag sa pag-aaral, dahil kung hindi, baka bumagsak ka sa klase mo.

*Mia:* Opo. Gusto ko pong maging teacher.

*Nanay:* O, di lalo ka ngang dapat maging seryoso sa pag-aaral. Makakaya mong gawin yan anak!

*Mia:* Mag-aaral na po ako ng mabuti, 'Nay.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kwento. Bigyang diin na ang Diyos ay pinagkaloob ang lupa upang ito ay taniman at pagyamanin. Gaya ng kasabihang "*Kung may tinanim ay may aanihin*" ang bawat pamilya ay talagang walang rason para magutom.
- Kailangan lang na matutong magsipag sa pagtanim ang bawat isa. Gaya ng mga langgam, kung ang tao ay magsisipag, meron silang makakain higit pa sa kanilang pangangailangan.

## G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang mga batang katulad nila na may pagkakataon mag-aral ay dapat na maging masigasig.
- Ito ay magbubunga sa panahon na sila ay magkaroon ng magandang kinabukasan na siyang magbibigay sa kanila ng maayos na pamumuhay.
- Ipaalala sa kanila na sila ay mapalad at sila ay nakakapag-aral sapagkat maraming bata na gaya nila ang walang oportunidad na meron sila.

## H. Preventive Health Care.

⇒ *First Aid Tips* — **PAGKAHIMATAY**

- *Mga Dapat Gawin (kung sa palagay mo ay hihimatayin ka):*

1. Mahiga o maupo.
2. Kung nakaupo, ilagay ang ulo sa pagitan ng iyong mga hita hanggang sa bumuti ang pakiramdam.

- *Mga Dapat Gawin (kung ibang tao ang hinimatay):*

1. Ihiga ang biktima.
2. Siguraduhing nakataas ang mga hita, kung posible ay mas mataas ito kaysa sa puso.
3. Siguraduhing walang nakabara sa daluyan ng paghinga ng biktima. Tingnan kung magsusuka ang pasyente.
4. Siguraduhing humihinga ang biktima. Kung hindi, tumawag agad ng doktor o ng taong marunong mag CPR.

## I. Homework. Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Nehemiah 9:15 — *“Nang sila’y magutom, pinahatdan mo sila ng pagkaing mula sa langit at nang sila’y mauhaw, pinainom mo ng tubig mula sa bato. Ibinigay mo sa kanila ang lupaing iyong ipinangako.”*

### **Aralin 20: Ang Kabukiran**

Totoo: Ang Diyos ang nagpapala sa kalikasan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga nilikha niya. (Reference: Mateo 6:26)

Mabuti: Pagyamanin ang lupa.

Tama: Magtanim at ipagkatiwala sa Diyos ang masaganang ani.

## B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung may alam silang mga gamit sa tahanan na nanggagaling sa kalikasan.

## C. Bible Story: **Ruth (Ruth 1-2)**

Nang si Ruth ay mabiyuda, siya ay sumama sa kanyang biyenan na si Naomi pabalik sa Judah. Ang sabi ni Ruth kay Naomi, *Saan man kayo pupunta ay doon din ako pupuntahan, saan man kayo tumira ay doon din ako maninirahan. Ang inyong bayan ay magiging bayan ko at ang inyong Diyos ang magiging Diyos ko.*

Nagpasya si Ruth na magtrabaho sa bukid upang mamulot ng mga nalalaglag na ani ng mga gumagapas sa bukid ni Boaz. Pinagpala ng Diyos si Ruth dahil pinabayaan siya ni Boaz na makapamulot ng maraming ani at binigyan pa siya ng makakain.

Dahil ang Diyos ang Panginoon ng ani sa kabukiran, nagawa Niyang pagpalain si Ruth pati na ang bukirin ni Boaz.

#### D. Familiar Story

##### **Magsasaka**

Si Mang Carlos ay isang magsasaka. Araw-araw ay gumigising siya ng maaga upang magtungo sa bukid. Doon ay nag-aararo siya at nagsasaboy ng pataba sa lupa. Alagang-alaga niya ang kanyang pananim.

Isang araw habang nakikinig siya ng radio, nalaman niya na may parating na bagyo at tatamaan ang kanilang bayan.

Natakot siya na baka masalanta ang kanyang mga pananim. Dito pa naman nakasalalay ang pangmatrikula ng kanyang mga anak para sa susunod na pasukan.

Tinawag niya agad ang kanyang pamilya at nanalangin sila: *Diyos naming Ama. Nagtitiwala po kami sa Inyong kapangyarihan. Alam namin na kayo ang Panginoon ng mga ani sa kabukiran. Dalangin po namin na 'wag mapinsala ng darating na bagyo ang aming mga pananim. Hinihiling namin ito ayon sa Inyong kalooban sa pangalan ni Jesus, salamat po. Amen.*

Araw-araw nilang ginawa ang pananalangin para sa kaligtasan ng kanilang bukid. Ganoon na lamang ang katuwaan ni Mang Carlos nang humina ang bagyo. Naligtas ang mga pananim nila sa bukid mula sa pagsalanta ng bagyo. Nagpasalamat sila sa Diyos sa pagdinig Niya sa kanilang panalangin.

#### F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang Diyos ay mapagpalang Diyos. Pinagkakaloob niya ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng kalikasan.

#### G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat ilapit natin sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin upang pagpalain niya ang pagpapayaman ng kalikasan.
- Tandaan na ang Diyos parin ang may control sa lahat kabilang ang kalikasan. Gawain ng tao na lupigin ang lupa. Ang Diyos ay nalulugod sa mga taong nagtitiwala at sumusunod sa kanyang utos. Ang pagtatanim ay mabuti at tamang gawin ng bawat isa.

Revised © 2018

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.